DSWD

Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program



# LIKHA NG BATA, PARA SA BATA

Koleksyon ng mga malikhaing guhit at akda ng mga batang 4Ps

SAMASAMA



## TUNGKOL SA PABALAT NG PAHAYAGAN

Iginuhit ni Apryl Nine Grace S. Abella, 14 taong gulang mula sa Oton, Iloilo ang obra maestrang ito upang magsilbing panawagan na darating din ang panahon ng paghilom ng bayan, ng buong mundo. Kalakip nito ang mensahe ng pagkakaisa, hindi lamang sa mga frontliners at iba pang mga manggagawang nangangalaga sa kaligtasan ng lahat, kundi ang kooperasyon ng bawat isa upang sama-samang bumangon mula sa pandemya.

# LIKHA NG BATA, PARA SA BATA


**Koleksyon ng mga malikhaing guhit at akda ng mga batang 4Ps**


Isa sa mga adbokasiya ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ay ang magbigay-pugay at parangal sa mga kabataang benepisyaryo nito na nagiging mabuting halimbawa sa kanilang pamilya, paaralan, at komunidad. Kaya naman, noong 2012 sinimulan ng programa ang National Search for Exemplary Pantawid Pamilya Children upang kilalanin ang mga "exemplary children" sa iba't ibang panig ng bansa.

Ngunit, dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, ang taunang aktibidad ay pansamantalang natigil. Dahil dito, binuo ng programa ang "SaMa-SaMa: Sa Matatag at Sa Matagumpay na Pamilyang Pilipino" na kampanya upang itaguyod ang sama-samang pagkilos ng mga benepisyaryo, ng programa, at ng mga katuwang nito sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng bawat Pilipino lalo na ngayong panahon ng pandemya. Bahagi ng kampanya ay ang inisyatibong tinawag na "Likha ng Bata Para Sa Bata" na gumagamit ng sining upang mahikayat ang mga kabataan na ipahayag ang kanilang sarili.

Ang pahayagang ito ay koleksyon ng mga nalikom na tula at mga guhit na nilikha ng mga batang 4Ps. Ito ay koleksyon ng kanilang saloobin, pangarap, at mga hiling sa kinakaharap natin sa kasalukuyan. Isa itong koleksyon ng pasasalamat ng mga kabataan sa mga manggagawang patuloy na lumalaban para sa kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan.

Ito ang mensahe ng kabataan para sa kapwa nila kabataan.


FINANCIAL SUPPORT
4P's
Mga problema ng mundo


"COVID FREE!"
Song
Together
I. Sadness, pain, and fears
we are now feeling
When death has come and take our
lovedones. Our fingers are all crossed
As we all hope
To end the sufferings of the world
Together we hold hands now and pray
help each one with oneness to live on
There is a gracious God to heal our land
Together we will rise again
Covid Song
SA MGA KAPWA KO MGA KABATAAN
SUMUNOD LANG TAYO SA PATAKARAN
NGAYONG MAY PANDEMIA
UPANG MABILIS MASUGPO ANG
COVID 19, STAY HOME
LANG PO TAYO
Likha ng Bata para sa Bata
CHECK POINT



# MGA IMAHE NG PAG-ASA

Mga guhit ng kabataan na nagpapakita ng kanilang pasasalamat sa mga magigiting na manggagawa na patuloy na nakikipaglaban upang mapanatiling ligtas ang mga mamamayan; mga larawan na nagpapakita ng sama-samang pagkilos laban sa kinakaharap nating pagsubok; mga imaheng nagbibigay pag-asa sa gitna ng banta ng pandemya.

Sofia Rei B. Frigillana

*Aguilar, Pangasinan*



*Ang poster na ito ay naglalayong ipakita ang kasalukuyang sitwasyon ng ating mundo sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Ipinapakita dito kung paanong ang virus ay unti-unting bumabalot sa ating daigdig. Kaya naman, lahat tayo ay kinakailangan maging maingat at maging maagap sa pagkalat ng sakit.*

*Sa ganitong panahon, kinakailangan nating lahat na magkaisa at magkaroon ng disiplina. Bukod pa rito, naniniwala din ako na kinakilangan nating magkaroon ng pananalig sa Diyos at palaging magdasal.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Nais ni Sofia Rei B. Frigillana, 13 taong gulang, na gamitin ang kanyang talento sa pagguhit upang mahikayat ang mga batang tulad niya na maging aktibo sa iba't ibang isyu na kanilang kinakaharap bilang kabataan.

Sa kaniyang paglaki, pangarap niyang maging isang lisensyadong guro upang makapagbahagi ng kaalaman sa iba at makatulong din sa kanyang pamilya.

Michael Joshua A. Cluramo
*Alfonso Lista, Ifugao*



*Maraming kumakalat sa social media na mga paraan para maka-iwas sa COVID-19. Subalit mas mainam pa rin na sumunod sa mga payo ng ating mga doctor gaya ng simpleng paghugas ng kamay, pagkain ng mga masustansyang pagkain para mapalakas ang ating resistensiya, tamang oras ng tulog, panatilihing malinis ang katawan, palaging pagsuot ng face mask lalo pag lalabas ng bahay at pupunta sa mga matataong lugar. Dapat ding huwag agad maniwala sa mga nababasa at napapanood kasi hindi lahat ay tama. Tanging ang may kinauukulan lang na nagbibigay ng tamang impormasyon ang dapat sundin. Bilang isang kabataan ay matuto rin tayong pahalagahan ang sarili at makiisa sa programa ng gobyerno na ipinapatupad ngayong pandemic.*

## TUNGKOL SA GUMUHIT



Si Michael Joshua Cluramo, 14 taong gulang, ay mayroong kambal na babaeng kapatid. Hilig niya ang pagsayaw at pagguhit. Katunayan, lagi siyang sumasali sa mga patimpalak sa pagguhit sa kanilang paaralan.

Gaya ng pangarap ng kaniyang mga magulang para sa kaniya, nais niya ring makapagtapos ng pag-aaral at makaahon sa kahirapan.

Almarie D. Gacutan
*Victoria, Tarlac*



*Ang COVID-19 ang nagsilbing alon sa iginuhit na poster na siyang ating malaking kinakaharap sa buhay sa kasalukuyan. Kaya naman, upang masolusyunan ang kumakalat na virus, tayo'y magkaisa at hawak-kamay tayo'y sama-samang sumunod sa mga namumuno. Para sa mga magulang, gabayan ang mga anak hindi lamang sa pag-aaral kundi sa pagkakaroon ng tamang asal.*

*Sa kabuuan, hindi hadlang ang anumang pagsubok sa atin, bagkus tayo ay sumunod, makialam at magbahagi ng anuman na mayroon tayo sa buhay. Naniniwala akong darating ang tagumpay, anumang hirap nito, kaya sabi nga nila, "walang imposible kung gusto mo ito".*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Si Almarie Gacutan, 16 taong gulang, ay isang consistent honor student. Hilig niya ang pag-awit at pagguhit o paglikha ng anumang imahe. Ang kaniyang talentong ito ay namana nya sa kaniyang ina na magaling ding gumuhit.

Pangarap niyang maging isang guro at makapagpatayo ng sariling tirahan ang kaniyang pamilya.

Geiann Lee P. Barcelon
*Rosario, Cavite*



*Ang likhang ito ay nagpapakita ng pagpupunyagi ng mundo laban sa pandemyang dulot ng COVID-19.*

*Sa kabila ng hirap, balakid, takot, at kaguluhang hatid nito, nagkaroon pa rin ng pagmamahalan, pagtutulungan ang bawat isa. Isa ito sa matinding sandata natin na siguradong makakatulong upang malagpasan ang lahat ng ito.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT


Bukod sa pagguhit, hilig din ni Geiann Lee Barcelon, 15 taong gulang, ang pagsali sa sports gawa ng basketball at chess.

Nais niyang isang maging mabuting halimbawa sa mga kabataan na paunlarin ang sariling kakayahan upang malagpasan ang kahirapan.

Dennis Rocero
*Quezon, Palawan*



*Ang artwork na ito ay tungkol sa comfort, trust, at hope. Walang ibang tutulong sa kadiliman ng pandemyang ito kundi ang Diyos, kapwa, at ikaw sa iyong sarili. Patuloy tayong magtiwala na may hangganan ang lahat ng sakunang ito.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Masipag at matiyaga - iyan ang pagsasalarawan kay Dennis Rocero, 18 taong gulang. Siya ay mahilig mag-drawing, magpinta, mag-basketball, at tumugtog ng base guitar.

Sa kaniyang paglaki, pangarap niyang gamitin ang kaniyang talento at maging matagumpay na business manager ng kaniyang sariling art gallery.

Bianzely Burdeos
*Bacolod City, Negros Occidental*



*Ang babae ay sumisimbolo sa isang matatag na Pilipino kabila sa hinaharap nating pandemya. Bawat isa sa atin ay lumalaban sa sakit at pangamba na dulot ng COVID-19 sa maraming kabuluhan na pamamaraan. Halimbawa, ang nasa ibabaw na parte ng buhok ay ang mga gawaing ginagawa ko katulad ng pagguhit. Hindi lang sa talento kundi natutunan ko ring tumulong sa kapwa sa pagbabahagi ng pagkain at pagkakaroon ng komunikasyon sa aking mga kaibigan.*

*Isa sa mga mahalagang natutunan ko ngayon ay ang pagpapatatag ng "bond" naming pamilya at pagsuporta sa bawat isa.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Isang mabait at responsableng mag-aaral si Bianzely Burdeos. Sa tuwing siya ay walang klase, hilig niyang magbasa, manood ng pelikula, at gumuhit.

Pangarap niya sa kaniyang paglaki ay magkaroon ng magandang trabaho at magkaroon ng permanenteng bahay para sa kaniyang pamilya.

Gian Christopher L. Sanchez
*Daanbantayan, Cebu*



*Ang likhang ito ay nagsisimbolo kung ano ang kinakaharap nating problema sa kasalukuyan tungkol sa COVID-19. Upang maiwasan ang pagkalat ng sakit, dapat tayong sumunod sa health protocols, palaging maghugas ng kamay, manatili sa bahay, magsuot ng face mask, at mag-social distancing.*

*Higit sa lahat, ang pinakaimportante ay palagi dapat tayong magdasal sa ating Panginoong Diyos.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Si Gian Christopher Sanchez, 12 taong gulang, ay mahilig gumuhit at maglaro ng basketball.

Pangarap niya ang maging matagumpay na Engineer balang araw at magkaroon ng maayos na pamumuhay ang kaniyang pamilya.

Charles Andrei L. Pardilan
*Quinapondan, Eastern Samar*



*Sa guhit na ito, makikita ang mga frontliners na pumoprotekta sa mga mamamayang Pilipino laban sa COVID-19. Handa nilang gawin ang lahat kahit na ikapahamak nila ito para lang tayo ay maprotektahan.*

*Lubos akong nagpapasalamat sa lahat ng sakripisyo nila.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Bata pa lamang ay hilig na ni Charles Andrei Pardilan ang pagguhit.

Matayog din ang kanyang pangarap na makapagtapos ng pag-aaral para sa kanyang mga magulang at maging Engineer sa kanyang paglaki.

Lovely Cris E. Cagas
*Pitogo, Zamboanga del Sur*



*Ang mensahe ng likha na ito ay ang pagpupunyagi sa kabayanihan, sakripisyo, at pagpupursiging masugpo ang COVID-19 ng ating mga frontliners para sa kaligtasa nating lahat. Makikita ang isang frontliner na may dala ng bandila ng Pilipinas na sumisimbolo sa mga Pilipinong kanilang pinagkakaingatan laban sa COVID-19.*

*Panghuli, sa gitna ng lahat ng ito, isang importanteng mensahe ay ang sama-sama tayong magdasal na matapos na ang hamong na ating kinakaharap.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Isang consistent honor student si Lovely Cris Cagas, 16 taong gulang, na kasalukuyang Grade 11 student.

Gaya ng iba, marami siyang pangarap sa buhay. Ilan lamang sa mga pangarap niya ay ang maging Certified Public Accountant o kaya naman ay maging Flight Attendant.

Lord John Christian R. Sanchez
*Tubay, Agusan del Sur*



*Ang likhang ito ay naglalarawan sa nangyayari sa ating mundo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19 na kumitil ng libu-libong buhay. Ang simpleng pagsuot ng facemask, paghuhugas ng kamay, social distancing, at pagsunod sa alituntunin ng pamahalaan ang siyang pinakamabisang panlaban dito.*

*Gayunpaman, pinagsisikapan ng pamahalaan na matugunan ang pangangailangan ng bawat mamamayan lalo na ang pagsugpo sa virus na ito. Kaya naman, tayo ay taimtim na manalangin sa Poong Maykapal upang magbigay ng lakas at pag-asa sa atin na mapagtagumpayan ang pandemyang ito.*



## TUNGKOL SA GUMUHIT

Panganay sa tatlong magkakapatid si Lord John Christian Sanchez, 14 taong gulang. Libangan niya ang pagguhit at paglalaro ng Rubik's cube. Siya rin ay nagsisilbi sa simbahan bilang altar server.

Isa sa mga pangarap niya ay ang makatapos ng kolehiyo at maging isang matagumpay na Civil Engineer. Nais niya na magpatayo ng sariling bahay para sa kanyang mga magulang at bigyan sila ng maginhawang buhay.



# MGA TULA NG PAGBANGON

Mga tinig ng kabataang nagpapaalala sa kapwa kabataan na maging matatag at makiisa sa laban sa pandemya; mga bulong na nais iparating sa mga kinauukulan upang sila ay mapakinggan; mga tula ng pagbangon at katatagan upang makamtan natin ang pinapangarap at inaasam  na paglaya sa kinakaharap na suliranin.

# SA PAGKAGAT NG DILIM

Ramhelaine M. Bumatay
*Laoac, Pangasinan*

Batid kong naaalala mo pa
Panahong tayo ay ibong Maya
Nangungulilang maging malaya
Ang dati'y maibabalik pa kaya?

Punung-puno ng tanong ang isip
Nalulunod, sino ang sasagip?
Mga mensahe ng bawat titik
Makukuha kaya ang binabanggit?

Maraming kaso ng COVID-19.
Ano kaya ang ibig sabihin?
Tunay nga itong malaking
suliranin
Tunay kayang malalampasan
natin?

Sa loob ng bahay nakapirmi
Tatlong buwan nang namamalagi
Pagbabago sa sarili'y napakalaki
Mga bagong natuklasan ay
marami.

Maraming oras ay huwang
sayangin
Gumuhit, magbasa, o kahit
likhang-sining.
Oras ay sa mabuti gugulin
At huwag kalimutang
manalangin.

Natatakot ako para sa bansa.
Ipinahihiwatig nila'y hindi ko
makuha.
Pagpapataw ng buwis ang
inuuna.
May mas malaki pa po tayong
problema.

Walang trabaho, walang makain
Nababalitaan ko sa mga kababayan natin
Pati mga frontliners nababahala
Mga nahawa'y paano isasalba?

Ngunit kailangan nating magpakatatag
Pananampalatay mo'y huwag mabubuwag
Kumapit ka lamang sa Kanya
Huwag bibitaw, ililigtas ka Niya!

Ang lahat ng ito ay nakatala
Ito ay planado at nangyari na
Ikaw kaya sa 'kin ay maniniwala?
Nakasulat na ito sa Bibliya.

Sa pagkagat ng dilim
Mundo'y tatalikod sa araw
Sa pagkagat ng dilim
Dinggin ang mga palahaw

Boses ng bawat isa'y mahalaga
Sa pagkagat ng dilim,
Diringgin kaya?



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Sa kasalukuyang nangyayari sa mundo, hiling ni Ramhelaine M. Bumatay na matapos na ang pandemya at magkaroon ng pagkakaisa ang bawat isa.

Matayog ang kaniyang pangarap na maging isang Chemical Engineer nang sa gayon ay makapagsimula ng sariling negosyo ang kanilang pamilya.

# BANTA NG CORONA

Johanna Leigh B. Taguitag
*Tinglayan, Kalinga*

Tila ba'y isang bangungot
Bangungot na hindi napapawi ang pagod
Makulimlim at bigo ang bawat bayan
Dahil sa hindi makakita ang kalaban.

Ang daming hakahaka tungkol sa iyo
Saan ka nga ba nanggaling?
Ang mga nasagi mo,
Ano ang magpapagaling?

Mula noong dalawang libo't labing siyam
Noon pa nila alam
Ngunit nanatiling tahimik ang ilan
Ang akala'y hindi nakarating sa bayan.

Isang maitim na bagay ang dumating
Ang ipinangalan ay COVID-19
Aming mundo'y iyong nakain
Masakit sa isipan at damdamin

Mula sa isang sulok umabot sa bawat bayan
Iyong napuntaha't aming ding naramdaman

Ikinulong aming sarili
Upang makaiwas at sa ligtas kami ay manatili
Dala mo sa aming mukha
Kaba, Takot at Sindak ang Makita.

Napapatanong?
Kailan ba ito matatapos?
Ano pa ba ang kailangan?
Mata'y naiiyak, sana'y mawala nang tuluyan

Aming panalangin  sa araw araw
Ika'y maawa at maglaho sa pananaw
Ilang buhay pa ba ang nais mo?
Nagdudurusa habang ika'y nandito.

Aming sandata'y maliliit na bagay lamang
Subalit naniniwala kami sa May Kapal
Habang Siya'y nandiyaan
Makakaya naming ika'y maisahan

Pagkakaisa ng bawat tao
Humanda ka sa iyong pagkatalo
Sapagkat may Diyos na gagabay
Instrumento Niya ang aming mga pakay

Pagsunod sa mga alituntunin
Ang siyang nakakapagligtas sa amin
Ang dulot mo'y hindi damhin
Mundo'y hindi lisanin


Hindi nais ang iyong pagpunta
Halos lahat na, iyong napinsala
Sama sama, walang susuko
Hindi ka man magpakita
Lalaban kami sa iyo.

Munti naming prinsesa
Perlas ng Silangan at walang korona
Mula puso ang aming pasensiya
Walang kalasag kaya ika'y nasira

Tumayo ang mga manggagamot
Sumabay ang mga kawal
Sila ang ating akay
Upang pangalagaan ang buhay

Kanang kamay aming itataas
Taas noo kami hanggang sa wakas
Saludo ang lahat sa tapang ninyo
Kayo ang tunay na bayani ng mundo

Iisa ang ating hiling
Bawat isa'y makapiling
Babalik sa nakagawian
Bantang ito'y ating malalagpasan.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Isang masipag na mag-aaral si Johanna Leigh B. Taguitag na ngayon ay nasa Grade 9. Ang kaniyang pinagkakalibangan ay ang pagsulat at pagluluto.

Pangarap niyang maging isang mahusay na guro balang araw. Nais niyang maiahon sa kahirapan ang pamilya at matulungan ang kanyang mga kapatid.

# BULONG SA GITNA NG PANDEMYA

Christian D. Tabing
*Tuguegarao City, Cagayan*

Sa mga bagay sa mundo, tayo ay
may sariling opinyon.
Subalit isaisip natin na malaya
nga tayong magpahayag subalit
may limitasyon.
Ako'y magsasalita para sa mga
kabataang katulad ko na
maraming pangarap.
Marami akong nakausap,
maraming nakalap, mga
problema, mga paalala,
Mga hinaing na sa akin ay wari'y
nanggigising.

New Normal na kung tawagin,
Mula sa berde at puting pisara,
Na sa ngayon ay napatungan ng
makabagong teknolohiya.
Teka, lahat nga ba ay nakaharap
sa teknolohiya?
Sa tulad kong nasa liblib, kapos,
hindi kaya, paano na?
Kung sasabihin mo sa akin, na
kung gusto ay may paraan,
Hayaan mong sabihin ko sa 'yo na
bagamat may paraan ngunit hindi
ko gusto.
At kung gustuhin ko man ang
paraan, paano ko uumpisahan?
Sa aking sitwasyon, malayo sa
kabihasnan, salat sa kagamitan,
Naghihirap, walang selpon,
walang signal at pambili ng load
Sa tingin mo, gugustuhin kong
unahin ang mga yan para lang sa
10 likes, at 5 hearts,
At sa kabila nito'y kumakalam na
sikmura at nanghihina?
Sa makabagong takbo ng
panahon, may pandemya
Ang kakarampot na ipon noon,
trabaho at koneksyon,
Sa tingin mo meron pa sa
ngayon?

Nasaan ang Konsiderasyon, ano
ang iyong rekomendasyon?
Oo, alam kong may mga rason,
Ngunit nkakadismaya at
nakakawalang-gana.
Dahil ang pangarap na
makapagtapos at umasenso
Ay matutupad na lamang kung
marami kang piso.

Oo, alam ko na marami sa atin
ang may sinasabi,
Mga bulong ng mga hinaing na 'di

ko lubos mawari
Magulo, maingay na nakakabingi
Ngunit nais na iparating, sa'yo ba
ay may paki?
Napagtanto ko na ang mga
bulong na sumisigaw,
Ay binubuo ng mga boses ng
kabataan na tila ba naliligaw.
Ang sigaw ng kabataang
nangangarap
Nang dahil sa pandemya ay
maraming balakid na hinaharap.

Mumunting tinig na nais marinig,
Subalit sila ay ayaw pang making.
Sinusubukan kong tanggapin ang
kanilang panig,
Tanong ko sa sarili, gusto din ba
nila ang nangyayari?
Gumagawa naman sila ng paraan,
Nariyan na ang modular at on-line
class
Subalit pa'no na ang kabataan,
kung bawal nang lumabas
Kung wala kang transportasyon,
pamasahe at COVID pass.

Pa'no kung ang mga sagot sa
modules ay late na maipasa,
Kulang ang sagot sa mga
repleksyon at iba pang ideya.
At kung isusumbat mo pa sa akin,
kung bakit pa ako nag-aaral
Kung hindi naman kaya at kulang
ang aking kakayahan?

Ayan na naman, isusumbat mo na
kung gusto ay may paraan
At kung ayaw ay maraming
dahilan.
Aba, teka, hayaan mong sabihin
ko na kung kaya ko noon
magbayad at dumiskarte
Kasi nga kampante sa trabaho ng
mga magulang, dahil sa ipon
ngunit nagbago na ang panahon.
Meron ka pa rin ba niyan
hanggang sa ngayon?

Hindi naman siguro masamang
kwestyunin ang kanilang gagawin
Oo, lahat nahihirapan lalo na
kaming kabataan.
Maging ang mga tao na nasa
likod ng sistema nito.
Subalit, paano na ang kalidad ng
edukasyon,
Kung ganito na ang sitwasyon?
Bagama't marami sa atin ang
gustong abutin ang pangarap
Kung sa gitna ng laban ay biglang
mawala sa isang iglap.

Paano na makakabalik sa
pinanggalingan,
Kung sa ngayon ay lumalabo ang
paroroonan.
Paano na itong mga kabataan
Na ang hinaharap ay wala nang
kasiguraduhan
Kung ang boses niya ay humihina
na nang lubusan?
Paano pa niya pagsisilbihan ang
Inang Bayan?



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Pangatlo sa apat na magkakapatid si Christian D. Tabing, 18 taong gulang. Isa siyang iskolar sa University of Saint Louis at aktibong lider-estudyante.

Kapos man sa buhay, nagsisikap siya sa kaniyang pag-aaral upang balang araw ay mabigyan ng mas magandang buhay at masuklian nang buong-buo ang sakripisyo ng kanyang mga magulang.

# ALAB NG PUSO

Chrislo E. Cuevas
*Candelaria, Zambales*

Pinanghawaka'y tapang at tibay
ng loob.
Paligid ma'y nagkukumahog,
Ang lakas at pag-asa, sa puso ay
pumaloob.
Sa gitna ng pandemiya tanging
pananampalataya lamang ang
tungkod.

Nagmukha mang lumaban
mag-isa,
saliw nang nag-uunahang takot at
pangamba.
Hindi pa rin nito naupos ang
katapangang,

Puso ma'y nanlumo at nag-alala,
sa gitna ng laban alam mong
hindi ka nag-iisa.
Hanggat kaya tayo'y lumaban
Pinanghawakan ang nag-aabang,
na panibagong kinabukasan.

Kaya ngayo'y binabati kita!
Isa kang magiting na mandirigma.
Gaano man ang kalaba'y naging
mabagsik.
Sa lakas ng pananalig mong
lumaban talagang ito'y talsik.
Ilang dugo't pawis man ang sa
iyo'y naghihintay na't humahanga.

## TUNGKOL SA MANUNULAT



Hilig ni Chrislo E. Cuevas, 15 taong gulang, ang pagsusulat at pagbabasa. Dahil dito, sumali siya bilang campus journalist sa kaniyang paaralan sa Pamibian Integrated School.

Isa sa mga pangarap nya ay ang maging businesswoman. Gusto nya ring maglingkod sa bayan sa pamamagitan ng pagsali sa military service o kaya naman ay magserbisyo bilang kawani ng gobyerno.

# KINANG NG GINTONG PAG-ASA SA MADILIM NA UMAGA

Geyle Fatima B. Seno
*Gasan, Marinduque*

Pikit-matang hinaharap ang panibagong-araw
Bulag sa mangyayari, "Paano nga ba gagalaw?"
Tila mundo'y kinadena, 'di makagalaw, 'di makahinga.
Sa takot, 'di makakasa, kinabukasa'y hirap mabasa.

Sa lupit na dala ng COVID-19, tila ba'y may panimdim,
Dulot mo'y matinding agam-agam at alalahanin.
Maraming pinahirapan at marami ring nawalan,
Maraming pinaiyak, maraming sinugatan.

Anong kasalanan ng tao, anong kasalanan ng mundo?
Anong dahila't sinalot mo kami ng delubyo?
Ang iyong paggambala ay pagbuka ng lupa,
Sumasayaw ka sa aming pagluha.

Bulag na humaharap sa bala ng pandemya,
Ang kalaba'y 'di makita, ang atake 'di masangga.
Sa banta ng sakit, alin nga ba ang dapat?
Ang pagbagsak ng isa'y, pagbasak ng lahat.

Ngunit patuloy na bumabangon,
Paa man nati'y nakabaon.
Sa lusak ma'y hindi tayo makaahon,
Sa takot 'di papalamon.

Subalit sa anumang pagsubok na nararanasan,
Na sanhi ng virus na kumakalat sa sanlibutan,

Laging nananaig pagmamalasakit
at pagtutulungan.
Patuloy tayong iniingata't
ipinagaadya ng Maykapal.

Hindi matutumbasan ang
kabayanihan,
Ng mga dakilang frontliners na
nag-alay ng buhay.
Serbisyong ibinigay di kayang
pantayan,
Dapat bigyang pugay sa patuloy
na paglaban.

Sa paglipas ng panahon aking
napanilay-nilay,
Sa bawat kamay na humihingi,
may kamay na nagbibigay.
Kung mayroon mang itinuro sa
atin ang pandemya,
Ito'y patuloy tayong pinagbuklod
ng pag-ibig at pag-asa.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Si Geyle Fatima Seno ay isang masikap, maprinsipyo, at maaasahang mag-aaral, anak, at kapatid. Hilig niya ang pagbasa, pag-awit, at pagsayaw.

Pangarap niya ang maging isang accountant balang araw at maibalik ang tulong at pagmamahal na ibinigay ng kanyang mga magulang sa kaniya gayundin ang kanyang komunidad.

# AMBAG NG KABATAAN

Ryajenn Pearl G. Alabe
*Tapaz, Capiz*

May nagawa ka na ba?
Ngayong kumakalat na ang pandemya,
Mayroon ka na bang nasimulan?
Para mabawasan ang hirap na ating pinag dadaanan,
Mayroon ka na bang hakbang?

Upang ang problema ay mawala nang panandalian,
kung sa iyong palagay ay wala pa,
Oras na para ika'y magsimula.
Iyong simulan sa pagsunod ng batas,
Sa paghugas ng kamay at pag suot ng face mask.
Sa ganong paraan tayo'y hindi mahawaan.

Magpakalat ng tamang impormasyon
upang mabawasan ang ating tensyon.
Sa ganitong pandemya ang ating gawin,
Libangin ang sarili sa tamang gawain.

Magbasa ng libro, magtanim ng masustansyang pagkain.
Oras sa pamilya'y iyong lubusin.
Makinig sa balita at sa magulang natin,
Maging kalmado at maunawain.

Sa problemang ating kaharap,
pag-ibig at pagtulong ang siyang lunas sa lagim.
Kaya kabataan, tayo na't mag-ambag sa problemang ating kinakaharap.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Mapagmahal na anak si Ryajenn Pearl G. Alabe, 14 taong gulang. Hilig niya ang pagsulat ng tula, kanta, at mga pabula. Aktibo rin siya sa sports at katunayan, siya ay isang Taekwondo player sa kanilang paaralan.

Pangarap niyang maging mahusay na abogado balang araw. at matulungan ang kaniyang mga magulang.

# COVID-19 ATING LUTASIN, KAPIT KAMAY ATING SUGPUIN!

Mirasol Basallo
*Daanbantayan, Cebu*

COVID 19 ang kanyang pangalan,
Na maaaring magdulot ng ating kamatayan.
Ngunit paano nga ba ito maiiwasan?
Kung ang mga tao ay matitigas ang ulo at di sumusunod sa patakaran.

Mga balitang nakakapangamba, tagapagligtas ay unti-unting nalalagas,
Sa pandemyang ubod ng liksi at lakas,
Paghihirap at sakripisyo nila'y walang katumbas,
Dahil alay nilay pagmamahal sa bayan, buhay may magwakas.

Sa musmos kong kaisipan, nais kong magkaroon na nang katapusan,
Maibalik na ang masaya kong kabataan, ang maligayang araw kasama ang mga kaibigan,
Sa labas nang tahanan, na kung saan kami'y sama-samang nag-aaliwan,
Na para bang panghabang buhay at wala nang katapusan.

Tama nga't sadyang mahirap ang buhay sa loob, ngunit mas mahirap ang buhay sa labas.
Lalo na't ang pamahalaan ay wala pang nahahanap na lunas.
Bata't matanda'y 'di basta-basta makakaiwas,
Kung tayo'y parating 'di susunod sa nakalagdang batas.

Mahirap bang sundin ang mga simpleng gabay?
Ang manatili sa bahay at wag sa labas magtambay?
Bakit 'di natin sundin ang panawagan ng pamahalaan?
Kung ang lahat ng ito ay para

Kung ang lahat ng ito ay para
lamang sa ating kapakanan.

Aking munting hiling sa kapwa ko
kabataan at higit pa sa may
kapangyarihan,
Tayo'y magtulungan,
mag-unawaan at magkasunduan.
Upang kaligtasa'y ating
mapanatili hanggang tagumpay
ay makamtan,
Sa gitna ng ating laban sa
kapahamakan.

Bilang batang mamamayan, mga
simpleng paalala ni inay aking
gabay.
Ligo at hugas ng kamay
araw-araw ako'y nasasanay.
Social distancing, malimit na
pagsuot ng mask at stay at home
palaging sambit ni nanay,
Upang mapanatiling ligtas ang
bawat isa sa aming munting
bahay.

Sa panahon ngayon ay walang
kasiguraduhan,
Pandemyang ito, kailan ang
katapusan? Tanging ang Diyos
lamang ang nakakaalam.
At tanging panalangin lamang
ang ating panlaban sa 'di
nakikitang kalaban.
Tiwala ako, ikaw at lahat tayo ay
'di tatablan.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Bagamat bata pa lamang, batid na ni Mirasol Basallo, 12 taong gulang, ang kahirapan ng kanilang buhay lalo pa't mag-isang tinataguyod ng kaniyang ina silang tatlong magkakapatid. Dahil dito, pangarap niyang makapagtapos ng pag-aaral nang mayroong karangalan upang maipakita sa kaniyang ina na hindi nasasayang ang pagod nito para sa kanila.

# MENSAHE PARA SA KABATAAN

Benjamin L. Jabien
*Jiabong, Samar*

Panahon ngayon 'di gaya ng
nakaraan,
Nasa gitna tayo ng matinding
kagipitan.
Kaya tayong kabataan dapat 'di
magpalinlang
Sapagkat tayo ang pag-asa ng
bayan.

Ito'y isang tula hindi isang babala,
Na sa bawat paglabas maaring
mawala,
Ang matayog na pangarap
At ang buhay na parang bula.

Unang-una kabataan tayo'y
magtulungan.
Magsuot ng face mask kung
lalabas ng bahay
Panatilihin ang social distancing
kapag nasa karamihan.

Pangalawa, kabataan, wag
magpapaloko
Laging social media? 'Di
maganda ito.
Sapagkat fake news ay talamak
dito,
Na magbibigay kaba sa
maraming tao.

Pangatlo, kabataan, sumunod sa
magulang.
Ang kanilang sinasabi ay para sa
iyo lamang.
Hindi makasasama kundi
makabubuti lang.
Para maging mabuting tao at
para sa magandang
kinabukasan.

At ang huli, kabataan, manalig sa
Maykapal.
Siya ang makagagamot sa ating
Inang Bayan,
Na makapagbabalik sa dating
normal na nais ng karamihan.
Oh kabataan, ating intindihin!
Sapagkat ito'y matatapos din
Basta't hawak-kamay nating
abutin,
Ang masayang taon na ating
mithiin.

Apat na paalala hindi makakaabala.
Sapagkat lahat nais masayang
umaga,
Na darating din 'pagkat may
pag-asa
Na matatapos din itong pandemya.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Responsable, masipag, at masayahin si Benjamin Jabien. Ilan lamang sa mga talento niya ay ang pagsayaw at paggawa ng tula.

Pangarap niyang maging isang nars balang araw. Hiling niya na magkaroon ng isang lipunan kung saan ang kabataan ay malayang nakakapamuhay nang maayos at malayo sa masasamang bisyo.

# PANANAW NG KABATAAN SA KASALUKUYAN

Kylee Bechayda
*Tukuran, Zamboanga del Sur*

Kabaha-bahala? Kahaba-habag?
Di kapani-paniwala ang nagyayari
sa ating paligid.

May erupsyon, may patayang
nagaganap.
Pero mas lamang ang kalabang
hindi natin natatanaw.
May pandemiyang kumakalat
hindi lang sa Pilipinas
Kung hindi buong mundo na ang
nahihirapan.

Corona Virus o mas kilalang
COVID-19 mahirap ang kalabang
ito.
Oo, mahirap ang mga gyera,
mahirap ang mamatayan.
Ngunit mas mahirap ang
kalabang ito sapagkat hindi ito
nakikita ng ating dalawang mata.

Sa mga oras na ito,
nagsisilabasan na ang mga may
malawak na pananaw.
Hindi rin maiiwasan ang mga
taong makikitid ang utak.

"Bakit kami walang natanggap?"
Karapat-dapat ba kayong may
matanggap?
"Bakit may pa-lockdown pa?"
Kaya niyo bang labanan ang
kaaway na ito?
"Bakit pinapatagal pa ito?
Mamatay kami sa gutom kesa sa
virus?" Kaya niyo bang pas-anin
sa inyong konsensya ang
libo-libong buhay?

Mahirap ang buhay lalo na't
nakasalalay ito sa mga trabahong
nasa labas ng tahanan

ngunit ang iyong paglabas ay
maaaring magdala ng
kapahamakan.

Bilang miyembro ng pamilya,
masasabi kong sa tatlong
buwang pananatili sa aming
bahay,
mas marami akong natutunan.

Bilang isang miyembro ng
kabataan, hindi lamang sa labas
ng ating mga tahanan ang saya.
Ngunit mararamdaman din ito sa
loob mismo ng ating mga
tahanan.

Bilang isang estudyante, mahirap
itong sitwasyon na ito
sapagkat hindi kami pwedeng
lumabas upang matuto.
Hindi pa lahat biniyayaan ng
marangyang buhay
kung kaya't kailangan nating
matuto para sa ating mga sarili.

Bilang Pilipino, masasabi kong
hindi mali ang pamamaraang
ginagamit ng gobyerno
sadyang kulang lang ito at
kumikitid lang ang utak ng mga
tao.

Kung pag-iisahin ang kaisipang ito,
mabubuo ang kongklusyong
naghihirap ang ating bayan sa
krisis na ito ngunit ang gobyerno
ay gumagawa ng mga solusyong
makakatulong.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Isang campus journalist si Kylee Bechayda,
16 taong gulang. Hilig niya ang pagsusulat
ng mga tulang tumatalakay sa isyu na
kinakaharap ng kanyang henerasyon.

Pangarap niyang magkaroon ng
magandang buhay para sa kaniyang
pamilya at magkaroon ng isang
mapayapang komunidad.

# LABAN

Eizle Cassandra Marco
*Libjo, Dinagat Islands*

Tumingin ka sa iyong kapaligiran,
Anong nakikita mo?
Umiiyak na pamilya;
Kalungkutan at takot ang
nadarama pero batid mo ba?
Sa likod ng mga luha nila
may nakatagong tapang at
pusong 'di nawawalan ng
pag-asa?
Pag-asang maaayos rin ang lahat
at Pag-asang bukas,
Wala ng problemang dala ng
Covid-19. At wala ng kalabang
nagbabadyang kumitil ng buhay
Pagkat ito'y mawawala rin bukas.

Igala mo ang iyong paningin
Nakikita mo ba, kapatid?
Nahihirapan na sila, hindi ba?
Mga frontliners—ang ating mga
doctor, nurses, mga
manggagawang panlipunan,
mga taong tinitiyak ang ating mga
kaligtasan, ang ating mga LGU
workers at ating mga volunteers
pati na rin ang mga taong 'di
nakikita ng iba pero patuloy ang
pagtulong sa ating mga
kababayan.
Halatang napapagod na rin sila,
hindi ba?
Pero pinipilit pa rin nilang maging
matibay,
Maisalba lang ang napakaraming
buhay.
Tinitiis nila ang mga araw na 'di
nila kasama ang mga pamilya nila
Wala sila sa mga araw na dapat
ay nandun sila,
At dahil 'yan sa alam nilang may
mga taong mas nangangailangan
ng tulong nila, hindi lang dahil ito
ay sinumpaan nila.

Oras? 'Yan ang pinag-aagawan
ng lahat noon.
Oras na hindi na kailangang
paghatian ngayon.
Sa lahat ng mga unos, bagyo at
kalbaryong dumating sa atin
noon, matitinag pa ba tayo
ngayon?

Sa laban ng buhay,
Kailangan lahat dapat mong
ibigay - lakas, tiyaga, at
katapangan.
Itaas lamang ang bandera,
Iduduro ang espada
Bumangon at gawing lakas ang
lahat ng pinagdaanan noon
At ituring sandata ngayon.

At ngayon, magtatapos ang
tulang ito,
Ngunit bago ko sana tapusin ito
Nais ko munang malaman ninyo,
Kahit sa ganitong simpleng
paraan ay makakatulong ang
simpleng kabataang tulad ko,
Upang magbigay ng inspirasyon
sa bawat taong nagbabasa nito.
At upang mas maintindihan nila
ang dalawang salitang "wag
susuko", at tayo ay dapat na
lumabalaban.

Ipikit mo ang iyong mga mata
Isipin mong nasa tabi ka lamang
Niya. Ayan, nararamdaman mo na
ba Siya?
Kung oo, tunay ngang malakas ka
Sapagkat pinalalakas ka Niya.

Panginoon, salamat.
Salamat sa lahat-lahat.
Pinagtitibay niyo kami na parang
isang bahay na itinirik sa bato,
Na hindi madaling matumba ng
anumang bagyo.
At hindi katulad ng bahay na itinirik
sa buhangin,
Madaling magiba at maaaring
matangay lang ng malakas na
hangin.

Kaya mga kababayan,
Mga kapatid sa pananampalataya,
Laban lang!
Huwag kang susuko.

COVID lang yan, may Diyos tayong
sa atin ay umaalalay.



## TUNGKOL SA MANUNULAT

Si Eizle Cassandra Marco ay mahilig sa pagsusulat ng tula, istorya, at mga kanta. Hangad niya na sya ay lumaking mahusay na bata na maipagmamalaki ng kaniyang pamilya.

Nais nyang mabigyan ng isang komportableng buhay ang kaniyang mga magulang na nagsasakripisyo sa kasalukuyan para sa kanilang kinabukasan.

## CONTRIBUTORS

**DSWD Field Office CAR**
**DSWD Field Office I**
**DSWD Field Office II**
**DSWD Field Office III**
**DSWD Field Office CALABARZON**
**DSWD Field Office MIMAROPA**
**DSWD Field Office VI**
**DSWD Field Office VII**
**DSWD Field Office VIII**
**DSWD Field Office IX**
**DSWD Field Office CARAGA**

## EDITORIAL TEAM

**Ofelia DR. Escauriaga**
Division Chief
4Ps Social Marketing Division

**Marie Grace O. Ponce**
Public Relations Officer IV
4Ps Social Marketing Division

**Chona Marie Catibog-Billones**
Information Officer III
4Ps Social Marketing Division

**Maria Alyssa L. Esguerra**
Information Oficer III
4Ps Social Marketing Division

**Jose Arianne B. Gonzales**
Information Officer III
4Ps Social Marketing Division

**Roxanne Faye V. Ochoa**
Information Officer III
4Ps Social Marketing Division

**Glennald O. Porillo**
Media Production Specialist
4Ps Social Marketing Division

## CONSULTANTS

**Director Gemma B. Gabuya**
National Program Manager
Pantawid Pamilyang Pilipino Program

**Director Venus F. Rebuldela**
Deputy Program Manager for Operations
Pantawid Pamilyang Pilipino Program

**Director Ernestina O. Solloso**
Deputy Program Manager for Support
Pantawid Pamilyang Pilipino Program

*Inilathala ng 4Ps-Social Marketing Division 2020*

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT
**Pantawid Pamilyang Pilipino Program**

IBP Road, Batasan Hills, Quezon City
Tel. 931-8108 loc 421-423


MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

#DSWDMayMalasakit

www.pantawid.dswd.gov.ph

@DSWDPantawidPamilya

@PantawidPamilya